

Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

Vol.5 Mayo 23, 2011 nilathala

Ukol sa Impormasyong Magasin na ito

Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang puwedeng makatulong agad na impormasyon, mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng kalamidad at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas) Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala: Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F

Tel: 024-522-6540 Fax: 024-523-4477

<http://www.pref-f-svc.org>



Ulat ng Boluntaryo 1

Big Palette Fukushima (Evacuation Center):
Boluntaryo sa Café Tsutsuji

<Pagboluntaryo ng mga sumisilong>



Mag-usap-usap tayong mga sumisilong!

Sa Big Palette, pinakamalaking evacuation center sa perepaktura, nananatili ang mga taong taga Tomioka-machi at taga Kawauchi-mura mula noong ika-16 ng Marso (mga 1300 tao sa unang linggo ng Mayo).

Ngayon may café na dito ng mga boluntaryo. Si Norito Sugimoto ang isa roon. Una, nasa pasilyo siya ng pangatlong palapag nananatili. Ngunit lumipat sa unang palapag

dahil sa pag-aalala sa after shocks. At nag-umpisa sila ng ilang miyembro roon ng "Café Tsutsuji", dahil sumisikat ang "Café Sakura" sa pangalawang palapag (mula noong ika-19 ng Abril). Sabi niya "para magkakaroon tayo ng pagkakataon na magkita at mag-usap", nagsisikap sila dito na nagpapaturong sa mga staff ng "Sakura" (mga sumisilong na tao rin) ng paggawa ng kape at pagtawag ng kostomer.



Norito Sugimoto

Ulat ng Boluntaryo 2

<Mga boluntaryo mula sa ibang lugar>

● Serbisyong Paghahatid para sa mga may kapansanan



Si Atsushi Terakado, isang self-employed welfare taxi driver sa Nagano. Pagkatapos ng lindol, nang di niya alam ano ang magagawang tulong, nagumpisa siyang mag-serbisyo ng paghahatid. Naisipan niya ito nang sinabi ng kaibigan niya na mag-seserbisyo daw siya ng bus. Mag-isa lang siyang dumalaw sa Big Palette at tumulong mula unang araw ng Mayo hanggang sa ika-5 ng Mayo. Maraming natutuwa, may isang nagsabing "Nakadawal ako sa asawa kong nasa hospital dahil sa kaniya".

● Pag-aayos ng mga Picture Books sa Kids Corner

Ang tatlong estudyante ng Ota Nurse School sa Koriyama City, si Asumi Aoyama, si Yuri Ono at si Tomoka Sioya ang gumawa nito. "Nag-isip kami kung ano ang maitutulong namin." At sumali sila sa aktibidad ng kaklase nila. "Ito ay pangalawa naming dalaw. Babalik kami ulit!" sabi nila.



● Pag-aayos ng mga Bagay



Puno ng mga kahon ang Hall A ng Big Palette. Araw-araw, nagtatrabaho ang 20 to 30 boluntaryo para maisa-ayos ito.

Lokal na Disaster Volunteer Centers

9 Odagaisama (Tulungan) Center | Big Palette Fukushima Tulong sa pamumuhay Volunteer Center



Shinichi Furuuchi

Sa loob ng "Big Palette Fukushima" (Koriyama City), naitayo ang volunteer center noong unang araw ng Mayo. Ito'y tinatawag na "Odagaisama (Tulungan) Center".


Sabi ni Shinichi Furuuchi (Kawauchi-mura Social Welfare Committee), mayroon tatlong katangian ang center na ito. Una, ito ay nasa loob ng evacuation center. Pangalawa, ang mga staff ay mula sa Tomioka-machi at Kawauchi-mura at iba pang institusyon katulad ng Perepaktura, NPO atbp. Pangatlo, hindi lamang mga boluntaryo mula sa ibang lugar ang mga sumisilong mismo ay sumasali para magkaroon ng estruktura ng pagtutulong sa pamumuhay.

"Kahit sa libangan o anuman, basta magtutulong sila at nagkakaugnayan. At ang center ay magiging mas aktibo." sabi ni Furuuchi. Para dito, dapat may "tungkulin" ang mga tao. Noong ika-11 ng Mayo, tumawag siya ng makatutulong sa pag-tanggal ng damo, at 250 katao ang sumali dito. Pagkatapos, noong ika-14 Mayo naman, 150 katao ang sumali sa pagtanim ng bulaklak. Sana matutuloy pa rin ang komunikasyon ng mga sumisilong mismo at mga bokuntaryo kahit na nakalipat na sila sa pansamantalang mga pabahay na bigay ng pamahalaan.



Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA

Noong ika-23 ng Mayo, 32 lugar na ang na-itatag.



★ Fukushima Disaster Volunteer CenterTel: 024-522-6540

- | | | | |
|---|--|--|--|
| <p>Hilagang parte ng perepaktura</p> <ul style="list-style-type: none"> 1 Fukushima City Disaster Volunteer Center 2 Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center 3 Tate City Disaster Volunteer Center 4 Motomiya City Disaster Volunteer Center 5 Kori Town Disaster Volunteer Center 6 Kunimi Town Disaster Volunteer Center 7 Otama Village Disaster Volunteer Center | <p>Gitnang parte ng perepaktura</p> <ul style="list-style-type: none"> 9 Odagaisama Center (Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette) 10 Sukagawa City Disaster Volunteer Center 11 Tamura City Disaster Volunteer Center 12 Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center 13 Tamakawa Village Disaster Volunteer Center 14 Hirata Village Disaster Volunteer Center 15 Ono Town Disaster Volunteer Center | <p>Timog na parte ng perepaktura</p> <ul style="list-style-type: none"> 17 Nishigo Village Disaster Volunteer Center 18 Yabuki Town Disaster Volunteer Center 19 Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center 20 Kitakata City Disaster Volunteer Center 21 Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center 22 Bandai Town Disaster Volunteer Center 23 Inawashiro Town Disaster Volunteer Center 24 Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center | <p>Aizu</p> <ul style="list-style-type: none"> 25 Showa Village Disaster Volunteer Center 26 Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center <p>Timog-Aizu</p> <ul style="list-style-type: none"> 27 Shimogo Town Disaster Volunteer Center 28 Shinchi Town Disaster Volunteer Center 29 Soma City Disaster Volunteer Center <p>Sousou</p> <ul style="list-style-type: none"> 30 Minami-Soma City Disaster Volunteer Center (Kashima Ward) 31 Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) <p>Iwaki</p> <ul style="list-style-type: none"> 32 Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki |
|---|--|--|--|